
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 8: Gawi sa Pagpapaunlad ng Pag-aaral at Pananampalataya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 8: Gawi sa Pagpapaunlad ng Pag-aaral at Pananampalataya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jeasel H. Pedros |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Israel B. Reveche, Julie Ann L. Pacot, Michael C. Paso, Mark Lorenz C. Luib, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion, |
| **Tagaguhit:** | Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 8: Gawi sa Pagpapaunlad ng Pag-aaral at Pananampalataya

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 8 para sa **Pagpapaunlad ng Pag-aaral at Pananampalataya!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 8 para sa **Gawi sa Pagpapaunlad ng Pag-aaral at Pananampalataya!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# *Alamin*

Ang pananampalataya ay nagsisilbing ilaw sa pagkakaroon ng matibay na samahan ng isang pamilya. Patnubay ito sa pagtupad ng mga tungkulin o gampanin sa ating buhay. Napapatatag at nabibigyan ng tiyak na pag–asa ang pamilya sa pagharap sa mga hamon ng buhay.

Kaakibat nito, ang pagiging mulat sa mga wastong gawi at pamamaraan para malapatan ng angkop na kilos ang pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya.

Sa modyul na ito malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Naisasagawa ang mga angkop na kilos sa pagpapaunlad ng mga gawi sa pag–aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya ng pamilya. (EsP8PBId-2.4)



## *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga kilos ang dapat isagawa upang maisabuhay ang pananampalataya sa pamilya?
   A. pagsisimba kasama ang buong pamilya
   B. pagbalewala sa ibang miyembro ng pamilya
   C. paggalang sa mga magulang at nakatatanda
   D. paglalaro sa kalye kasama ang mga kaibigan

2. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya?
   A. pagliliwaliw kahit saan saan
   B. pangungumusta sa bagong dating na kaibigan
   C. pangungumpisal o pagsisisi ng mga kasalanan
   D. pagpapasa ng mga importanteng dokumento ng lagpas sa oras

3. Alin sa sumusunod ang angkop na kilos sa pagpapaunlad ng mga gawi sa pag-aaral?
   A. Gumagawa si Mat ng walang kabuluhang bagay.
   B. Ipinagpabukas ni Elle ang lahat ng kaniyang mga gawain dahil hindi pa naman ito ipapasa.
   C. Pinagsanib ni Zean ang lahat ng mga gawain o kasanayan upang madali lamang itong matapos.
   D. Pagtatakda ng oras upang alamin kung gaano kahaba ang kinakailangang gugulin ni Yan sa pag – aaral sa mga asignatura.

4. Maagang pumapasok sa paaralan si Benny araw-araw. Nagbabalik-aral siya sa mga leksyon bago magsimula ang klase. Anong gawi ang ipinakita ni Benny?
   A. pagpapaunlad sa pag-aaral
   B. paglilingkod sa kapuwa mag-aaral
   C. pagsisikap na makalikha ng aralin
   D. pagsasabuhay ng pananampalataya

5. Nagtutulungan ang magkapatid na sina Ann at Jasmin sa pagsagot sa kanilang takdang–aralin. Anong mabuting gawi ang ipinakita ng dalawang magkapatid?
   A. paggalang
   B. pagkamatapat
   C. paglilingkod
   D. pagmamahal

6. Nakaugalian ni Anabel na magsimba araw-araw upang magpasalamat sa mga biyayang natanggap. Ito ang turo ng kaniyang mga magulang. Anong gawi ang pinaunlad ni Anabel sa kaniyang pagkatao?
   A. mabait
   B. maka-Diyos
   C. malikhain
   D. matapang

7. Alin sa sumusunod na pahayag ang mabisang naglalarawan sa pagpapaunlad sa mga mabuting gawi upang maisabuhay ang pananampalataya?
   A. matulungin sa kapuwa
   B. masipag sa mga gawaing bahay
   C. matapat sa kaniyang mga gampanin
   D. may pag-iibigan sa miyembro ng pamilya at pagsamba sa Diyos

8. Alin sa sumusunod na pahayag ang pinakamabisang naglalarawan sa pagkakaroon ng isang matibay na samahan ng isang pamilya?
   A. pagtutulungan ng bawat isa
   B. walang pakialam sa isa't isa
   C. Panginoon ang sentro ng buhay
   D. pagiging disiplinado sa bawat isa

9. Tinatanggap ni Ben taon-taon ang premyo sa pagsisikap na mapaunlad ang pag-aaral. Anong kilos kaya ang isinagawa ni Ben upang makamit ang hangarin?
   A. pag-aaral sa aralin lalo na kung may pasulit
   B. paglalaro ng *computer games* sa oras ng klase
   C. pagguhit sa kwaderno ng mga natandaan sa aralin
   D. panonood ng mga bidyo sa *social media site* araw-araw

10. Isa sa mga naging susi sa pag-asenso ng buhay ni Kenneth ay ang pananampalataya at pagsabuhay ng aral ng Diyos at ang katangiang mapagkakatiwalaan na noong una pa ay nakita na ng kaniyang boss. Anong kilos ang nasasalamin sa tauhang si Kenneth?
    A. may tiwala sa sariling kakayahan
    B. may mataas na pangarap sa buhay
    C. may panahon na magsimba araw-araw
    D. may matatag na pananampalataya sa Diyos

11. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng angkop na kilos sa pagpapaunlad ng gawi sa pag-aaral?
    A. Aktibo si Jaz sa mga pangkatang-gawain sa iba't ibang asignatura.
    B. Pumapasok sa paaralan si Mat bagaman hindi nagsusulat sa klase.
    C. Ginagawa ni Mark ang mga gawain sa silid-aralan gaya ng paglilinis.
    D. Pumapasok araw-araw si Jean sa paaralan subalit naglalaro ng selpon.

12. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng gawi sa pagpapahalaga ng pananampalataya?
    A. pagsasabi ng totoo sa lahat ng oras
    B. pag-iwas sa masamang bisyo at layaw
    C. pagdarasal bago pumasok sa paaralan
    D. paglahok sa mga gawaing pansimbahan tulad ng youth camp

13. Si Jay ay pumapasok araw-araw sa paaralan ngunit ang hindi alam ng kaniyang magulang ay nahumaling ito sa computer games na dahilan ng kaniyang pagliban sa klase. Kung ikaw si Jay anong gawi ang iyong papaunlarin sa sarili upang mapabuti ang pag-aaral?
    A. papasok ngunit liliban minsan
    B. ipagpapatuloy ang nasimulang masamang gawain
    C. ipapahiram sa kaklase ang account para siya na ang maglaro
    D. itigil ang paglalaro ng *computer games* at mag-aral ng mabuti.

14. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng angkop na kilos sa pagsasabuhay ng pananampalataya?
    A. pagdarasal na marami ang nakakakita
    B. pagdarasal kung nais hilingin na biyaya
    C. pagdarasal sa panahon ng sakuna at kagipitan
    D. pagdarasal ng pamilya bago at pagkatapos kumain

15. Si Don ay mahilig kumuha ng larawan. Hinasa niya ang kaniyang kakayahan sa *photography* sa pamamagitan ng pagbasa at pagtingin sa larawang kuha ng mga sikat na photographer. Anong gawi ang ipinapakita ni Don?
    A. pagkuha ng mga larawan sa iba't ibang lugar
    B. paglinang sa kakayahan sa pamamagitan ng pag-aaral
    C. pagbibida ng kaniyang mga gawang larawan sa ibang tao
    D. pag-aabot ng regalo sa mga sikat na photographer upang makilala

# Aralin 1 — Gawi sa Pagpapaunlad ng Pag-aaral at Pananampalataya

*"Ang pagkakaroon ng matibay na pananalig ang nagbibigkis sa isang pamilya."*

*- Anonymous*




## *Balikan*

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.

**Gawain 1: Kahon ng Pananagutan!**

Isa-isahin ang mga pananagutan ng magulang sa kaniyang anak. Isulat sa kahon ang mga kasagutan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.





***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

# *Tuklasin*

## Gawain 2: Kwento Ko, Tunghayan Mo!

Basahin ang kwento at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Ang buhay ay parang isang sistematikong proseso sa pagpapakinang ng isang diyamante na kailangang pakinisin nang maraming beses upang kumintab ito.

Mabait, matulungin, maaasahan at may matibay na pananalig sa Panginoon. Lahat ng katangiang ipinapanalangin ng magulang para sa anak ay nasa kay Kenneth. Isa siyang hulog ng langit sa kaniyang magulang. Lumaki sa simpleng pamumuhay na dala-dala ang aral na gawing sentro ng buhay ang Panginoon. Nagkasakit ang kaniyang ama, kaya napilitan itong tumigil sa pag-aaral at nakipagsapalaran sa Maynila. Humarap sa maraming pagsubok na sumukat sa kaniyang matibay na pananalig sa Maykapal.

Sinubok ng pagkakataon si Kenneth nang natunghayan niya ang isang pangyayari kung saan hinablot ng masamang lalaki ang bag na naglalaman ng mahalagang dokumento. Hinabol niya ito at dali-daling nabawi ang bag at isinauli sa may-ari. Dahil sa ipinakitang kabutihan ni Kenneth ginantimpalaan siya ng pera subalit hindi niya ito tinanggap. Nagpumilit ang lalaki at sa halip na pera ang ibigay ay nag-alok ito na magtrabaho sa kaniyang kumpanya. Binigyan siya ng isang pirasong papel na naglalaman ng personal na impormasyon.

Masayang umuwi si Kenneth sa kaniyang tinutuluyan at makailang beses nag-isip kung tatanggapin ang alok na trabaho. Naisip niya ang kalagayan ng ama kaya hindi siya nag-atubiling tanggapin ito. Napagamot niya ang kaniyang ama at makalipas ang ilang taon nakapagpundar ng negosyo at umasenso ang buhay ni Kenneth.

Isa sa mga naging susi sa pag-asenso ng buhay ni Kenneth ay ang pananampalataya at pagsabuhay ng mga aral ng Diyos at ang katangiang mapagkakatiwalaan na noong una pa ay nakita na ng kaniyang boss.

Hindi nakalimutang magpasalamat ni Kenneth sa mga biyayang kaniyang natanggap sa Maykapal. Ang kaniyang pananalig sa Diyos na pinagtitibay ng mga karanasan at pagsubok ay nagsisilbing pundasyon upang maging matatag sa anumang hamon sa buhay.

Gabay na Tanong:
1. Ano ang mensaheng nakapaloob sa maikling kwento?
2. Paano naisagawa ng tauhan sa kuwento ang angkop na kilos sa pagsasabuhay ng kaniyang pananamplataya?



## Suriin

Matapos matutunan sa nakaraang modyul na bukod sa paglalang, may pananagutan ang mga magulang na bigyan nang maayos na edukasyon ang kanilang mga anak, gabayan sa pagpapasya at hubugin sa pananampalataya, ngayon ihanda ang sarili sa bagong aralin. Maligayang pag-aaral sa iyo!

Ang pagkatuto sa mga wastong gawi sa pag–aaral at pananampalataya ay nagsisimula sa pamilya. Sa pagsasabuhay ng mga ito kinakailangan ang maayos na pakikipag–ugnayan. Lubhang mahalaga ito sa pagkakabuklod ng pamilya upang ito ay maging buo at matatag. Mangyayari lamang ito kung maisagawa ang mga angkop na kilos sa pag–aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya.

Ano ba ang angkop na kilos upang mapaunlad ang mga gawi sa pag-aaral? Ang sumusunod ay ang mungkahing kilos sa pagpapaunlad ng gawi sa pag-aaral at pananampalataya.

**Sa Pagpapaunlad ng Pag-aaral:**

1. Pagtukoy sa istilo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagkuha ng mga pasulit upang mabatid ang iyong *multiple Intelligence* at *learning style*.
2. Pag-aaral sa komportableng lugar upang magkaroon ng pokus sa pag-aaral.
3. Magtakda ng oras sa pag-aaral araw-araw sa paggawa ng mga proyekto at takdang-aralin.
4. Pamamahalaan nang maayos ang oras sa pag-aaral at paglilibang upang maisaaalang-alang ang *mental* at *physical health*.
5. Pagtatala sa mga gawain at pag-aaralan ang iba't ibang asignatura upang maging sistematiko ang pag-aaral.
6. Bumili at magbasa ng maraming aklat upang mapalawak ang kaalaman sa mga bagay-bagay.
7. Pagbibigay ng gantimpala sa sarili upang manatili ang kaganyakan na mapag-ibayo ang hangarin na makamit ang tagumpay.
8. Mangarap para ganahan sa pag-aaral.

Kung maisagawa ang mga angkop na kilos ay uunlad ang gawi sa pag-aaral na makatutulong upang mapalawak ang kaalaman sa edukasyon at makamit ang tagumpay sa buhay subalit kahit ano pa ang mararating sa buhay kung wala kang pananampalataya sa Panginoon ay walang kabuluhan ang lahat.


Ipinaliwanag sa banal na aklat Mga Hebreo 11:1-2 (RTPV05) na "ang pananampalataya ay pagtitiwala na mangyayari ang ating mga inaasahan at katiyakan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita. Kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong una dahil sa kanilang pananampalataya sa kaniya." Kung babalikan ang kuwento ni Kenneth sa bahaging ***Tuklasin***, inilarawan ang matatag na pananampalataya ng tauhan sa Panginoon. Dumanas ito ng mga pagsubok sa buhay at ang kaniyang kanlungan ay ang Panginoon sa kaniyang mga panalangin at nagkaroon ng kalutasan ang kaniyang mga problema. Nais iparating nito na kung ang tao ay may paniniwala at pagsangguni sa Panginoon ay diringgin nito ang mga dalangin at ipagkakaloob ang biyaya sa tao ngunit paano nga ba ganap na maisabuhay ang pananampalataya ng isang tao?

Maaaring mapaunlad ang pananampalataya kung maisakatuparan ang mga ankop na kilos tulad ng:

1. Pakikiisa sa mga grupo ng mananampalataya
2. Pagbabasa at pagbabahagi ng mga salita ng Panginoon sa ibang tao
3. Pagsisimba kasama ang pamilya
4. Pananalangin at pagsangguni sa Panginoon sa lahat ng panahon
5. Pag-aalay bilang pasasalamat sa biyayang natanggap
6. Paglalaan ng 10% sa iyong kita para sa Panginoon
7. Pagsunod at pagsabuhay sa dakilang utos ng Panginoon
8. Paghingi ng kapatawaran sa bawat pagkakasala.

Sa totoong buhay mahirap ang pagsunod at pagsasabuhay dahil natural na makasalanan ang tao ngunit nabibigyan ito ng pagkakataon na maitama ang pagkakamali sa pamamagitan ng pagsunod at pagsasagawa ng angkop na kilos na magpapaunlad ng relasyon ng tao sa Panginoon na sa bandang huli ay magbibigay ng katiwasayan sa buhay.

Kaibigan, isapuso at isabuhay mo ang natutunan mula sa unang aralin hanggang sa aralin na ito na magsilbing pundasyon mo sa mabuting pakikitungo sa pamilya, sa kapuwa at maging sa lipunang ginagalawan.



# *Pagyamanin*

**Gawain 3. Kung ako, Siya!**

Panuto: Basahin at unawain nang mabuti ang sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Unang sitwasyon.

Isa sa mga naging susi sa pag-asenso ng buhay ni Kenneth ay ang pananampalataya at pagsabuhay ng aral ng Diyos at ang katangiang mapagkakatiwalaan na noong una pa ay nakita na ng kaniyang boss.

1. Kung ikaw si Kenneth, paano mo mapagtagumpayan ang iyong mithiin sa buhay?

Pangalawang sitwasyon.

Nagkasakit ang kaniyang ama, kaya napilitan itong tumigil sa pag-aaral at nakipagsapalaran sa Maynila. Humarap sa maraming pagsubok na sumukat sa kaniyang matibay na pananalig sa Maykapal.

1. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng pangunahing tauhan, ano ang iyong gagawin upang malagpasan ang pagsubok sa buhay? Ipagpatuloy mo ba ang iyong pag-aaral? Bakit?


**Rubrik sa Gawaing Kung Ako, Siya**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Lahat ng tanong ay nabigyang ng tamang pagpapaliwanag | Mayroong dalawang tanong na nabigyan ng pagpapaliwanag ngunit may kakulangan sa ideya | Mayroong isang tanong na nabigyan ng tamang pagpapaliwanag |


## Gawain 4: Grapes Sharing

Gamit ang *Grapes Sharing Organizer* itala ang mga isinagawang kilos sa pagpapaunlad ng pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Kilos sa
Pagpapaunlad ng
Pag-aaral



Kilos sa
Pagsasabuhay ng
Pananampalataya sa
Pamilya.



## Gawain 5. I-akrostik Mo!

Gamit ang akrostik isulat ang mga isasagawang kilos upang mapaunlad ang pagsasabuhay ng pananampalataya sa sarili at pamilya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

P

A

N

A

N

A

M

P

A

L

A

T

A

Y

A

**Rubrik sa pagsulat ng akrostik**

| Pamantayan | Napakahusay (15 puntos) | Mahusay (10 puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng Akrostik | Lahat ng letra ay nabigyang kahulugan na naglalarawan sa pagsasabuhay ng pananampalataya sa sarili at pamilya | Mayroong 5 letra na hindi naglalarawan sa pagsasabuhay ng pananampalataya sa sarili at pamilya | Mayroong 10 na letra na hindi naglalarawan sa pagsasabuhay ng pananampalataya sa sarili at pamilya |



# *Isaisip*

**Gawain 6: Punan – Konsepto!**

Punan ng angkop na salita ang talata upang mabuo ang konsepto hinggil sa aralin. Piliin ang tamang salita sa ulap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| mangahas | pagsubok |
| ningning | pananalig |
| pagkabigo | tunay |
| magtagumpay | tumatag |

Kailangang dumaan sa maraming 1.____________ ng buhay ang tao upang lalong 2.____________ang loob at tumibay ang 3.____________ sa Diyos. Wika nga, ang mga taong handang 4.____________ na makaranas ng kabiguan sa buhay ay maaaaring 5.____________ nang lubusan. Sa ating mga 6.____________ doon natin matatagpuan ang 7.____________ na lakas. Nakikita sa kadiliman ang pinakamagandang 8.____________ ng bituin.



# *Isagawa*

**Gawain 7: Kilos-Aral, Kilos-Dasal!**

Bilang isang kabataan, itala sa tsart ang tig-tatlong angkop na kilos na isasagawa mo upang mapaunlad ang mga gawi sa pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya.

| Angkop na Kilos sa Pagpapaunlad ng Pag-aaral at Pananampalataya | |
|---|---|
| Gawi sa Pag-aaral | Gawi sa Pagsasabuhay ng Pananampalataya |
| | |

**Rubrik sa Gawi sa Pag-aaral at Pananampalataya**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Nakasusulat ng tamang sagot na tig-tatlong angkop na kilos upang mapaunlad ang mga gawi sa pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya | May dalawang sagot na hindi angkop na kilos upang mapaunlad ang mga gawi sa pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya | May tatlong sagot na hindi angkop na kilos upang mapaunlad ang mga gawi sa pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya |



# *Tayahin*

Maraming Pagpipilian.

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Nakaugalian ni Anabel na magsimba araw-araw upang magpasalamat sa mga biyayang natanggap. Ito ang turo ng kaniyang mga magulang. Anong gawi ang pinaunlad ni Anabel sa kaniyang pagkatao?
   A. mabait
   B. maka-Diyos
   C. malikhain
   D. matapang

2. Alin sa sumusunod na pahayag ang mabisang naglalarawan sa pagpapaunlad sa mga mabuting gawi upang maisabuhay ang pananampalataya?
   A. matulungin sa kapuwa
   B. masipag sa mga gawaing bahay
   C. matapat sa kaniyang mga gampanin
   D. may pag-iibigan sa miyembro ng pamilya at pagsamba sa Diyos

3. Alin sa sumusunod na pahayag ang pinakamabisang naglalarawan sa pagkakaroon ng isang matibay na samahan ng isang pamilya?
   A. pagtutulungan ng bawat isa
   B. walang pakialam sa isa't isa
   C. Panginoon ang sentro ng buhay
   D. pagiging disiplinado sa bawat isa

4. Tinatanggap ni Ben taon-taon ang premyo sa pagsisikap na mapaunlad ang pag-aaral. Anong kilos kaya ang isinagawa ni Ben upang makamit ang hangarin?
   A. pag-aaral sa aralin lalo na kung may pasulit
   B. paglalaro ng *computer games* sa oras ng klase
   C. pagguhit sa kwaderno ng mga natandaan sa aralin
   D. panonood ng mga bidyo sa *social media site* araw-araw

5. Isa sa mga naging susi sa pag-asenso ng buhay ni Kenneth ay ang pananampalataya at pagsabuhay ng aral ng Diyos at ang katangiang mapagkakatiwalaan na noong una pa ay nakita na ng kaniyang boss. Anong kilos ang nasasalamin sa tauhang si Kenneth?
   A. may tiwala sa sariling kakayahan
   B. may mataas na pangarap sa buhay
   C. may panahon na magsimba araw-araw
   D. may matatag na pananampalataya sa Diyos

6. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng angkop na kilos sa pagpapaunlad ng gawi sa pag-aaral?
   A. Aktibo si Jaz sa mga pangkatang-gawain sa iba't ibang asignatura.
   B. Pumapasok sa paaralan si Mat bagaman hindi nagsusulat sa klase.
   C. Ginagawa ni Mark ang mga gawain sa silid-aralan gaya ng paglilinis.
   D. Pumapasok araw-araw si Jean sa paaralan subalit naglalaro ng selpon.

7. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng gawi sa pagpapahalaga ng pananampalataya?
   A. pagsasabi ng totoo sa lahat ng oras
   B. pag-iwas sa masamang bisyo at layaw
   C. pagdarasal bago pumasok sa paaralan
   D. paglahok sa mga gawaing pansimbahan tulad ng youth camp

8. Si Jay ay pumapasok araw-araw sa paaralan ngunit ang hindi alam ng kaniyang magulang ay nahumaling ito sa *computer games* na dahilan ng kaniyang pagliban sa klase. Kung ikaw si Jay anong gawi ang iyong papaunlarin sa sarili upang mapabuti ang pag-aaral?
   A. papasok ngunit liliban minsan
   B. ipagpapatuloy ang nasimulang masamang gawain
   C. ipapahiram sa kaklase ang account para siya na ang maglaro
   D. itigil ang paglalaro ng computer games at mag-aral ng mabuti.

9. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng angkop na kilos sa pagsasabuhay ng pananampalataya?
   A. pagdarasal na marami ang nakakakita
   B. pagdarasal kung nais hilingin na biyaya
   C. pagdarasal sa panahon ng sakuna at kagipitan
   D. pagdarasal ng pamilya bago at pagkatapos kumain

10. Si Don ay mahilig kumuha ng larawan. Hinasa niya ang kaniyang kakayahan sa photography sa pamamagitan ng pagbasa at pagtingin sa larawang kuha ng mga sikat na photographer. Anong gawi ang ipinapakita ni Don?
   A. pagkuha ng mga larawan sa iba't ibang lugar
   B. paglinang sa kakayahan sa pamamagitan ng pag-aaral
   C. pagbibida ng kaniyang mga gawang larawan sa ibang tao
   D. pag-aabot ng regalo sa mga sikat na photographer upang makilala

11. Alin sa mga kilos ang dapat isagawa upang maisabuhay ang pananampalataya sa pamilya?
    A. pagsisimba kasama ang buong pamilya
    B. pagbalewala sa ibang miyembro ng pamilya
    C. paggalang sa mga magulang at nakatatanda
    D. paglalaro sa kalye kasama ang mga kaibigan

12. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapakita ng pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya?
    A. pagliliwaliw kahit saan saan
    B. pangungumusta sa bagong dating na kaibigan
    C. pangungumpisal o pagsisisi ng mga kasalanan
    D. pagpapasa ng mga importanteng dokumento ng lagpas sa oras

13. Alin sa sumusunod ang angkop na kilos sa pagpapaunlad ng mga gawi sa pag-aaral?
    A. Gumagawa si Mat ng walang kabuluhang bagay.
    B. Ipinagpabukas ni Elle ang lahat ng kaniyang mga gawain dahil hindi pa naman ito ipapasa.
    C. Pinagsanib ni Zean ang lahat ng mga gawain o kasanayan upang madali lamang itong matapos.
    D. Pagtatakda ng oras upang alamin kung gaano kahaba ang kinakailangang gugulin ni Yan sa pag – aaral sa mga asignatura.

14. Maagang pumapasok sa paaralan si Benny araw-araw. Nagbabalik-aral siya sa mga leksyon bago magsimula ang klase. Anong gawi ang ipinakita ni Benny?
    A. pagpapaunlad sa pag-aaral
    B. paglilingkod sa kapuwa mag-aaral
    C. pagsisikap na makalikha ng aralin
    D. pagsasabuhay ng pananampalataya

15. Nagtutulungan ang magkapatid na sina Ann at Jasmin sa pagsagot sa kanilang takdang–aralin. Anong mabuting gawi ang ipinakita ng dalawang magkapatid?
    A. paggalang
    B. pagkamatapat
    C. paglilingkod
    D. pagmamahal

# *Karagdagang Gawain*

**Gawain 8: I-guhit Mo!**

Gumawa ng isang poster at slogan na nagpapakita sa bunga ng pagsasagawa ng angkop na kilos upang mapaunlad ang pag-aaral at pananampalataya sa pamilya.

Mga kagamitan:

*Long size bond paper*
Lapis
*Pentel pen*
Krayola/*pastel*
*Ruler*

## Rubrik sa paggawa ng Poster at Slogan

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Kaangkupan ng nilalaman sa Tema | Napakahusay at angkop sa tema ang desinyo at islogan | Mahusay ngunit hindi masyadong angkop sa tema ang desinyo at islogan | Hindi angkop sa tema ang desinyo at islogan |
| Pagkamalikhain at orihinalidad sa pagguhit at islogan | Napakamalikhain at 100 % orihinal ang iginuhit at islogan | Malikhain at 75% na orihinal ang iginuhit at islogan | Hindi malikhain at 50% na orihinal ang iginuhit at islogan |
| Malinaw na naipahayag ang mensahe sa iginuhit | Napakalinaw ang pagkalalahad ng mensahe sa iginuhit | Malinaw ang pagkalahad ng mensahe sa iginuhit | Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe sa iginuhit |
| Kabuoang Puntos | | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Isaisip**
**Gawain 5**
1. pagsubok
2. tumatag
3. pananalig
4. mangahas
5. magtagumpay
6. pagkabigo
7. tunay
8. ningning

**Tayahin**

1. B
2. D
3. C
4. A
5. D
6. A
7. D
8. D
9. D
10. B
11. A
12. C
13. D
14. A
15. D

**Pagyamanin**

**Gawain 4**
**Pagpapaunlad ng Pag-aaral**
-Pagtukoy sa istilo ng pagkatuto
-Pag-aaral sa komportableng lugar
-Magtakda ng oras sa pag-aaral
-Pamahalaan nang maayos ang oras
-Pagtatala sa mga gawain at pag-aralan
-Bumili at magbasa ng aklat
-Pagbibigay ng gamtimpala sa sarili
-Mangarap

**Kilos sa Pagsasabuhay ng Pananampalataya sa Pamilya**
-Pakikiisa sa mga grupo ng mananampalataya
-Pagbabasa at pagbabahagi ng salita ng Panginoon
-Pagsisimba
-Pananalangin at pagsangguni sa Panginoon
-Pag-aalay bilang pasasalamat sa
-Paglalaan ng 10% sa iyong kita para sa Panginoon
-Pagsunod at pagsabuhay sa dakilang utos
-Paghingi ng kapatawaran

**Subukin**

1. A
2. C
3. D
4. A
5. D
6. B
7. D
8. C
9. A
10. D
11. A
12. D
13. D
14. D
15. B

**Balikan**
**Gawain 1**
1. pagbibigay ng maayos na edukasyon
2. paggabay sa pagpapasiya
3.paghubog sa pananampalataya

# *Sanggunian*

**Aklat**

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral.* 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

**Hanguang Elektroniko**

n.d. *Mga Hebreo 11: 1-2.* Accessed June 3, 2020. https://www.bible.com.

Romens, John. 2020. *focusme.com.* June 1. Accessed June 3, 2020. https://focusme.com/blog/8-tips to-study-better/.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph